



# Mga karaniwang tanong (at sagot) sa proseso ng Land Acquisition and Distribution

Inilathala ng Center for Agrarian Reform and Rural Development



© 2019 ng Center for Agrarian Reform and Rural Development

Disenyo ng pabalat: Vivienne Leigh de Guzman-Fernandez

Book design and lay-out: Joe-Anna Marie Casidsid-Abelinde, Vivienne Leigh de Guzman-Fernandez at Bernardo Luis dela Rosa

Walang bahagi ng kaalamang materyal na ito ang maaring sipiin o ilathalang muli sa alinmang elektronik o mekanikal na pamamaraan nang walang pahintulot mula sa organisayon.

Para sa iba pang mga babasahin at mga inilathala ng CARRD, maari itong makuha sa pamamagitan ng aming website [www.carrd.org.ph](http://www.carrd.org.ph)

Center for Agrarian Reform and Rural Development

22 Matipid Street, Sikatuna Village

Quezon City, 1101, Philippines

Email: [carrdinc@gmail.com](mailto:carrdinc@gmail.com)

Phone: 632-738-2651

Website: [www.carrd.org.ph](http://www.carrd.org.ph)

Facebook: Center for Agrarian Reform and Rural Development-Pilipinas

Twitter: [@CARRD\\_Pilipinas](https://twitter.com/CARRD_Pilipinas)

Instagram: [carrdinc](https://www.instagram.com/carrdinc)

### **Tungkol sa praymer na ito:**

Ang praymer na ito ay halaw sa *Department of Agrarian Reform Administrative Order 2, Series of 2019*, at naglalaman ng mga karaniwang tanong at sagot sa prosesong kaugnay ng pagpaparsela ng mga kolektibong certificates of land ownership award (CLOA) sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Ang praymer na ito ay binuo upang magsilbing gabay ng mga magsasaka at magsasakang paralegal sa mga teknikal at ligal na hakbangin sa pagpaparsela ng mga collective CLOA. Nagpapasalamat ang CARRD kay Atty. Mary Claire Demaisip para sa kanyang teknikal na inputs sa pagbubuo ng praymer na ito.

# **Mga karaniwang tanong (at sagot) sa proseso ng Land Acquisition and Distribution**

**December 2019**



# Mga karaniwang tanong (at sagot) sa proseso ng Land Acquisition and Distribution (LAD)

## 1. May “habol” pa ba ang dating landowner sa lupa, sa sandaling mag-issue na ng *Notice of Coverage (NOC)* ang Department of Agrarian Reform (DAR)?

Maaaring mag-file ang *landowner* (LO) ng alinman sa mga sumusunod na petisyon sa loob ng hindi bababa sa 30 araw matapos nilang matanggap ang NOC:

- Protesta laban sa Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) coverage na naglalaman ng kanyang dahilan kung bakit hindi dapat saklawin ng CARP ang kanyang lupain;
- Magnominate ng mga anak na maaaring maging kwalipikadong benepisaryo;
- Magfile ng *manifestation for exemption or exclusion*; at
- Magfile ng *manifestation to exercise right of retention*

**\*\*\*Hindi dapat maging dahilan ng pagkabinbin ng proseso ng *land acquisition and distribution (LAD)* ang anumang protesta o petisyon na isusumite ng LO.**

## 2. Mabibinbin ba ang proseso ng LAD kung hindi pumili ang LO ng kanyang *retention area*?

**HINDI.** Kung hindi pumili ng *retention area* ang LO, ang Municipal Agrarian Reform Program Officer (MARPO) ang pipili nito para sa kanya. Hindi na maaaring kwestyunin ng LO ang desisyon ng MARPO sa sandaling napili na ng huli ang kanyang *retention area*.

Mag-iissue ang Provincial Agrarian Reform Program Officer (PARPO) ng *Certificate of Retention* sa LO, sa sandaling maisapinal na ang desisyon tungkol sa *retention area*. Hindi dapat lalagpas ng 5 ektarya ang *retention area*. Hindi din ito dapat pulu-pulutong o magkakalayo (*must be compact and contiguous*).

Kung ang lupa ay nasaklaw na ng CARP bago mag July 1, 2009, mag-aapply ang lumang *retention limit* sa lupa. Sa ilalim ng Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) o RA 6657, may karapatan ang LO sa hindi hihigit sa 10 ektarya ng lupa bilang kanyang *retention area*.

## 3. Paano kung nais manatili ng kasama/ *tenant* sa *retention area* na pinili ng LO?

Kung piliin ng *tenant* na manatili sa *retention area* ng LO, awtomatikong magiging *leaseholder* ang *tenant* at hindi na

magiging kwalipikadong benepisaryo ng CARP. Subali't kung pinili ng *tenant* na maging *Agrarian Reform Beneficiary (ARB)* at makibahagi sa lupa sa labas ng *retention area* ng LO, magiging benepisaryo ng CARP ang *tenant*, pero hindi na ito maaaring maging *leaseholder* sa *retention area* ng LO.

## 4. Pwede bang ibenta ng LO ang kanyang *retention area*?

Oo. Subali't kailangang kumuha ng LO ng DAR *clearance* para makumpleto ang pagbebenta ng lupa. Ito ay para mabantayan ng DAR ang pagsasalin ng pag-aari ng lupa at masigurong hindi madadamay ang mga lupaing wala na sa *retention area* ng dating LO.

## 5. Paano kung ibenta ng LO ang kanyang lupa pagkatanggap ng NOC, para maiwasan ang pag-cover ng CARP sa kanyang lupain?

Walang karapatan ang LO na ibenta ang lupang na-cover na ng CARP. Kung sakaling mangyari ito, patuloy pa ding sasaklawin ng DAR ang lupa sa ilalim ng CARP. Magpapadala ang DAR ng kopya ng NOC sa bagong may-ari bilang patunay ng coverage.

## 6. Karapat dapat ba sa *just compensation* ang mga ARB kung i-expropriate ng lokal na pamahalaan ang lupa para sa imprastruktura o iba pang pampublikong pangangailangan?

Oo. Subali't hindi pa maaaring i-expropriate ang lupa sa panahong hindi pa hawak ng ARB ang CLOA. Kapag nai-award na ang CLOA sa ARB, maaari nang i-expropriate ng lokal na pamahalaan ang lupang kailangan nito at bayaran ang ARB ng *just compensation* o karampatang kabayaran para sa lupang ma-expropriate.

**7. Anu-ano ang mga sumusunod na hakbang pagkatapos ma-issuehan ng NOC ang LO at maisapinal ang *retention area*?**

Mga hakbang	Kaakibat na dokumento/ requirements	Sino ang gagawa?
a. Magpasa ng attestation ng listahan ng mga <i>lessees, tenants at regular farm workers</i> sa loob ng 30 araw sa MARPO at sa PARPO	CARPER LAD Form No. 8	Dating LO *Didiretso ang proseso kahit na hindi makapagbigay ng attestation ang LO
b. Claim folder documentation at pagpapaskil ng listahan ng mga potensyal na benepisaryo sa mga bulletin boards at sa landholding sa loob ng 7 araw	CARPER LAD Form No. 11	PARPO at MARPO
c. Pagpili ng kwalipikadong benepisaryo c.1. Ipasa ang Barangay Agrarian Reform Council (BARC) certification sa Provincial Agrarian Reform Office (PARO)	Masterlist na may BARC certification	MARPO at BARC
d. Mag-issue ng notice sa kwalipikadong ARBs sa pamamagitan ng <i>registered mail</i>	CARPER LAD Form No. 36	MARPO o sinumang awtorisadong representative ng PARPO

**8. Sino ang magdedesisyon sa hatian ng lupa?**

Maaaring mag-usap at magkasundo ang mga kwalipikadong benepisaryo kung paano paghahatian ang lupa. Dapat pirmahan ng lahat ng kwalipikadong ARB ang kasunduan.

**9. Paano kung hindi magkasundo ang mga kwalipikadong ARB?**

Bibigyan ng prayoridad ang mga *lessees, tenants at regular na farm workers*. Ang bawat isa ay bibigyan ng hindi lalabis sa 3 ektarya. Pagkatapos nito ay saka pa lamang bibigyan ang mga *seasonal na farm workers*, iba pang farm workers at iba pang nagtatrabaho sa lupa. Ang MARPO ang tutukoy sa alokasyon ng lupa para sa mga natitirang benepisaryo.

**10. Paano kung mayroon pang sumobrang lupa?**

Ibibigay ang sobra sa alokasyon sa kooperatiba o samahan ng mga magsasakang benepisaryo. Bibigyan ng sapat na panahon ang mga *tenants o lessees* na anihin ang kanilang pananim bago ipatupad ang mga hatian.

**11. Nguni't paano kung hindi sapat ang lupa sa bilang ng mga ARB?**

Kung hindi sapat ang lupa sa alokasyon na 3 ektarya kada *lessee, tenant* at regular na *farm worker*, hahatiin ng pantay ang lupa, ayon sa bilang ng mga priority ARBs.

**12. Paano naman ang iba pang ARBs?**

Kung kukulangin ang lupa, maaari pa ring makatanggap ng hindi bababa sa 1,000 square meters ang iba pang ARB mula sa lumabis na pinaghatian ng mga naunang ARBs.

Kung wala nang natira, maaaring mag-qualify na ARB ang mga ito sa iba pang lupaing saklaw ng CARP.

**13. Individual o collective CLOA?**

Pangunahing layunin ng CARP na mai-award ang lupa sa indibidwal na magsasaka. Pero maaaring piliin ng mga ARB ang collective CLOA sa pamamagitan ng isang kooperatiba at asosasyon, sa kondisyong hindi hihigit sa 3 ektarya kada magsasakang miyembro ang kabuuang laki ng lupaing ipasaillalim sa collective CLOA.

**14. Kailan maaaring payagan ang collective CLOA?**

- Hindi angkop ang kasalukuyang pangangasiwa ng lupa sa di kolektibo o indibidwal na pagsasaka;
- Ang kasalukuyang sistema ng trabaho ay specialized, ang tungkulin ng pagsasaka ay hinahati sa mga gawain: pag-spray, pagdadamo, paggagapas at iba pa;
- Hindi nagsasaka ng indibidwal na parsela ang mga magsasaka;
- Ang sakahan ay binubuo ng maraming pananim at may kasamang production areas tulad ng packing plants, bodega, mga dike at iba pang pasilidad na hindi maaaring hatiin sa bawat isang magsasaka

Kailangang nakalista ang pangalan ng mga benepisaryo sa likod ng collective CLOA

**15. Pwede ko na bang sakahin ang lupa kahit wala pa sa akin ang CLOA? Magbabayad pa ba ako ng renta/ ani sa LO ko habang wala pa ang aking CLOA?**

Maari nang pakinabangan ng ARB ng buo ang lupa kahit wala pa sa kanya ang CLOA, sa ilalim ng *usufructuary rights* ng ARB. Ito ay mangyayari sa sandaling makuha ng DAR ang *possession* sa lupa, matapos na makapag-issue ng *Certificate of Deposit* ang Landbank sa dating LO.

Hindi makasasagabal ang anumang kaso o ang di pagbabayad ng *just compensation* sa LO sa pag-usad ng LAD

**16. Anu-ano ang mga obligasyon ko bilang ARB at kailan ito magsisimula?**

Magsisimula ang mga sumusunod na obligasyon sa sandaling mai-award na ang CLOA sa ARB at aktwal nang sinasaka ang lupa:

- Paggamit ng lupa sa pagsasaka. Ang pagpapabaya, hindi wastong paggamit at pagbebenta ng lupa ay maaaring humantong sa pagkawala ng karapatan ng ARB sa pagmamay-ari ng lupa;
- Pagbabayad ng taunang amortisasyon sa Landbank sa

loob ng 30 taon. Mag-uumpisa ang pagbabayad isang taon pagkatapos maregister ang CLOA at ma-okupa ng magsasaka ang lupa.

- Pagbabayad ng taunang amilyar sa lokal na pamahalaan

### **17. Paano kung manggagawang bukid din ang asawa ko?**

#### **Maaari din ba siyang maging benepisaryo?**

Oo. Kung siya ay *tenant, lessee, farm worker* o direktang nagsasaka ng lupa, maaari din siyang maging benepisaryo. Bawat isa sa inyo ay maaaring tumanggap ng hindi hihigit sa 3 ektarya at magkaroon ng tig-isang CLOA.

### **18. Sa akin lang ba ipapangalan ang lupa?**

Kung ikaw ay may asawa, ang CLOA ay ipapangalan sa inyo ng iyong asawa, kung siya ay hindi manggagawang bukid at hindi tatanggap ng CLOA

### **19. Ano ang responsibilidad ng Register of Deeds (ROD) sa ilalim ng CARP?**

- Mag-issue ng RP title, matapos makapagdeposit ng *claim proceeds* ang Landbank sa LO
- Irehistro ang CLOA na iimprenta ng DAR
- Kanselahin ang alinmang titulong sumaklaw sa lupa bago pa ito macover ng CARP
- Mag-issue ng titulo para sa retention area ng LO at sa iba pang lugar na hindi saklaw ng CARP

### **20. Saan nakatago ang orihinal na kopya ng CLOA?**

Lahat ng rehistradong CLOA ay ini-issue ng ROD sa Landbank. Nagbibigay ang Landbank ng 2 kopya ng *certified true copy* ng CLOA sa Provincial Agrarian Reform Office (PARO). Isa sa mga kopyang ito ang ibinibigay sa mga ARBs. Makukuha ng ARB ang orihinal na kopya ng CLOA sa sandaling mabayaran nito ng buo ang amortisasyon sa Landbank.

### **21. Paano kung hindi pa din namin masaka ang aming lupa kahit may CLOA na kami?**

Maaaring mag-issue ang PARPO ng *writ of installation* upang utusan ang Provincial Agrarian Reform Adjudicator (PARAD) na ma-install ang mga magsasaka sa lupa. Kung kinakailangan, gagawin ito sa tulong ng kapulisan at ng sandatahang lakas upang masiguro ang kaligtasan ng mga ARB. May responsibilidad ang DAR na panatilihin ligtas sa *harassment* o banta ng pang-aabuso ang mga ARB upang magamit nila ng husto ang kanilang lupa.

### **22. Paano kung patuloy na nanggugulo ang LO?**

Maaaring sampahan ng kasong kriminal ang DAR kung patuloy na nanggugulo ang dating LO. Maaari ding hingan ng danyos ang LO sa kung anumang perwisyong kanyang idudulot sa mga ARB.

## Mga isyung kaugnay sa pagparsela ng collective CLOA

### 1. Anu-ano ang mga hakbang sa paghahati ng collective CLOA?

Mga hakbang	Kaakibat na dokumento/ requirements	Sino ang gagawa?
Magsagawa ng preliminary meeting o konsultasyon	Impormasyon patungkol sa: -Aktwal na mga taong nagsasaka sa lupain -Aktwal na bilang ng mga non-ARBs na nagsasaka/nakikinabang sa lupa -Panahon ng paninirahan/ pananakahan ng mga ARB at non-ARB sa lupain -Gamit ng lupa (land use) -Estado ng organisasyon/ kooperatiba o kung mayroong Agri-business Venture Agreement (AVA) <i>Owner's duplicate certificate</i> ng CLOA Kahilingan ng mga ARBs na parcelahin ang lupa (CARPER LAD Form No. 70-H)	Municipal Agrarian Reform Office (MARO)
a. Ilalagay ang resulta ng konsultasyon sa field validation report	CARPER LAD Form No. 70-B	MARO
b. Pag-annotate ng pangalan ng mga benepisaryo sa likod ng collective CLOA		PARPO, ROD
b.1. Kung may masterlist, hihilingin ng PARPO sa ROD na i-annotate ang mga pangalan sa listahan sa likod ng collective CLOA	CARP LAD Form No. 33 CARPER LAD Form No. 31 CARPER LAD Form No. 70-C	PARPO, ROD
b.2. Kung walang masterlist: b.2.1. Magbubuo ang MARPO ng masterlist base sa mga sumusunod na dokumento:	Mga talaan sa claim folder tulad ng <i>farmer's information sheet</i> , listahan ng ARBs, Application to Purchase and Farmer's Undertaking (APFU), <i>CLOA information system, co-ownership agreement, affidavits/ sworn statements</i>	MARPO
b.2. Kung walang masterlist: b.2.1. Magbubuo ang MARPO ng masterlist base sa mga sumusunod na dokumento:	Talaan ng trabaho, talaan mula sa Social Security System (SSS), Cooperative Development Authority (CDA) <i>registration certificate</i> , talaan ng pagiging kasapi ng kooperatiba o asosasyon, voter's ID o iba pang ID na maaaring gamiting ebidensya na kwalipikado ang ARB  Iba pang dokumento tulad ng sworn statement o BARC certification	MARPO
b.2.2. Kapag nakumpleto na ang masterlist, iaapprove ito ng PARPO at ipapaskil ang masterlist sa mga pampublikong lugar	CARPER LAD Form No. 31 CARPER LAD Form No. 70-C	PARPO
b.2.3. Kung walang protesta o reklamo sa nabuong masterlist sa loob ng 15 araw, ito ang magiging basehan sa pag-isyu ng <i>Order of Parcelization</i> , na siya namang go-signal ng ROD sa pag-annotate ng mga pangalan sa collective CLOA		PARPO ROD



Mga hakbang	Kaakibat na dokumento/ requirements	Sino ang gagawa?
b.2.3. Kung may protesta ng inclusion/exclusion mula sa bagong masterlist, ifafile ito sa opisina ng Regional Director. Itutuloy naman ng PARPO ang <i>Order of Parcelization</i> para sa mga bahagi ng CLOA na hindi apektado ng inclusion/exclusion protest.		ARB Regional Director/ Secretary ng DAR PARPO
b.2.4. Kapag pinal na ang desisyon sa inclusion/exclusion, hihilingin na ang PARPO na iannotate ang pinal na listahan sa ROD	CARPER LAD Form No. 70-C	PARPO ROD
c. Pagpapadala ng Notice of Meeting sa mga ARB at pagsasakatupad ng panibagong konsultasyon sa mga ARB na nasa bagong masterlist	Minutes of the meeting na may nakadetalyeng: - iskedyul, pinagkasunduan at listahan ng kakailanganing dokumento mula sa ARBs	MARPO
d. Pagsasagawa ng <i>lot allocation agreement</i> na pipirmahan ng lahat ng ARBs at panunumpa sa PARPO	CARPER LAD Form No. 70-E	ARBs PARPO
d.1.Kung hindi magkakasundo ang mga ARBs, magsasagawa ng raffle ang PARPO upang malaman ang hatian. Pagkatapos nito ay mag-iissue na ang PARPO ng <i>Order of Lot Allocation</i>	CARPER LAD Form No. 70-F	PARPO
e. Pagsasagawa ng <i>parcelization survey</i>	Listahan ng ARBs <i>Order of allocation/ Lot allocation agreement</i>	Provincial Agrarian Reform Office (PARO)
f. Paggawa at pagsertipika ng survey plan at pag-approve ng survey	<i>Parcelization survey</i>	Geodetic Engineer Department of Environment and Natural Resources (DENR)
f.1. Kung meron nang ASP, magsasagawa ng ground validation upang malaman kung ito ay tama pa. Kung hindi na, magkakaroon ng amendment sa survey plan	<i>Approved survey plan (ASP)</i>	PARO
g. Paghahanda sa <i>Deed of Parcelization</i> na pipirmahan ng ARBs at irecord sa Notaryo Publiko	CARPER LAD Form No. 70-G	PARPO ARBs
g.1. Kung hindi makapirma ang lahat ng ARBs sa <i>Deed of Parcelization</i> , mag-iissue ang PARPO ng <i>Order of Parcelization</i>		PARPO
i. Pag-imprenta ng individual CLOA	<i>ASP, Deed of parcelization o Order of Parcelization</i>	PARO
j. Pagkansela ng collective CLOA at pag-rehistro ng individual CLOA	<i>Deed of parcelization o Order of Parcelization</i>	ROD
k. Kung ang lupa ay na-acquire sa pamamagitan ng Voluntary Offer to Sell (VOS) o Compulsory Acquisition (CA), mag-iissue ang DAR ng land distribution information schedule	Individual CLOA Electronic Primary Entry Book (EPEB) Number CARPER LAD Form No. 47	ROD PARO

## **2. Ano ang Land Distribution Information Schedule (LDIS) at para saan ko ito gagamitin?**

Ang LDIS ay isang dokumento na ginagamit ng mga ahensiyang nagpapatupad ng repormang agraryo upang maayos na makolekta at mamonitor ang koleksyon ng *land amortization*. Ang dokumentong ito ay naglalaman ng detalye tungkol sa kung magkano ang kabuuang halaga ng lupa at kung magkano ang dapat bayaran ng ARB sa Landbank kada taon.

Ito ay inihahanda ng PARO at ng Landbank-Agrarian Operations Center (LANDBANK-AOC). Ang basehan sa paghahanda nito ay ang CLOA.

## **3. Maaari bang magkaroon ng LDIS ang collective CLOA?**

Oo. Lalo na kung ang collective CLOA ay hindi hahatiin sa indibidwal na parsela, maaaring gawan ito ng LDIS upang masimulan na ang pagbabayad ng kooperatiba/ asosasyon ng amortisasyon.

\*Ang LDIS ay ini-issue sa bawat **TITULO** at hindi sa bawat ARB. Ang titulo ang magiging basehan ng DAR sa pagbuo ng LDIS.

## **4. Makakapagpalabas pa ba ng LDIS kung nawawala ang kopya ng CLOA sa mismong tanggapan ng ROD?**

Oo. Kung ang lupa ay naipamahagi bago mag-2005, ipiprinta lamang ang xerox copy ng CLOA na hawak ng mga ARB. Kailangan din ng certification mula sa PARPO II na magpapatunay na ang CLOA ay na-issue na at nairehistro na sa ROD.

Kung ang lupa ay naipamahagi na pagkatapos ng 2005, hindi na kailangang hingin ang kopya ng CLOA mula sa ROD dahil mayroon nang kopya nito ang Landbank AOC.

## **5. Gaano katagal dapat maiproseso ang LDIS mula sa panahon na mairehistro ang CLOA sa ROD?**

Pagkatapos mairehistro ang CLOA, ipapasa ng DAR sa Landbank ang claim folder na may lamang impormasyon tulad ng pangalan ng ARB, lot number, at area of award na dapat ay pareho sa LDIS at sa CLOA. Ibabalik ng Landbank ang claim folders kung may kulang na impormasyon. Mayroong 30 araw ang DAR upang kumpletuhin ang mga requirements na ito.

## **6. Anong mangyayari kapag nabayaran na ng buo ng ARB ang amortisasyon?**

Mag-iissue ang Landbank ng *Certificate of Full Payment with Release of Real Estate Mortgage (CFP/ROREM)*. Ito naman ang gagamiting dokumento upang mapalitan ang CLOA ng isang *Transfer Certificate of Title (TCT)*.

## **7. Kung nagbabayad ako ng amortisasyon, kailangan ko pa bang magbayad ng amelyar o land tax?**

Oo. Ang halaga ng iyong amelyar ay depende sa pagtataya ng lokal na asesor sa halaga ng iyong lupa. Isa sa mga pangunahing obligasyon mo, bilang may-ari ng lupa ang pagbabayad ng taunang amelyar sa lokal na pamahalaan.

## **8. Kailangan bang myembro ako ng isang samahan o kooperatiba upang makakuha ng suportang serbisyo?**

Oo. Karamihan sa mga suportang serbisyong ipinamamahagi ng gobyerno katulad ng DAR ay pinadadaan sa samahang magsasaka.

## **9. Anu-anong suportang serbisyo ang maaari kong mapakinabangan mula sa DAR?**

- *Agri-technology/ extension support*: tulong upang mapataas ang produktibidad ng lupain
- *Business development*: tulong upang mapataas ang kaalaman sa pagnenegosyo
- *Common service facilities*: mga kagamitan tulad ng traktora o *hauling truck* na ginagamit ng grupo ng mga magsasaka
- *Credit and microfinance*: Serbisyo ng pautang
- *Farm insurance*: proteksiyon kung sakali mapinsala ang mga pananim dulot ng mga bagyo at kalamidad
- *Rural infrastructure*: Mga daan, tulay o irigasyon na kailangan ng magsasaka upang mapabuti ang kanyang hanapbuhay.

## **10. Maaari ba akong makakuha ng suportang serbisyo mula sa ibang ahensya ng gobyerno?**

Oo. Ang mahalaga ay alam ng iyong asosasyon kung kailan isinisagawa ang mga programa ng gobyerno at kung anu-ano ang mga kakailanganin para makakuha.

**11. Anu-ano pa ang mga kakailanganin na dapat kong ihanda sa pagpoproseso ng aking individual CLOA?**

Proseso	Dokumentong Kailangan
Sa pagkakataong yumao na ang ang orihinal na ARB at nais magtalaga ng ihahalili	-Death Certificate ng ARB na may patunay mula sa awtorisadong ahensiya ng gobyerno - iba pang matibay at mahalagang patunay ng pagkamatay
Pagpapaigting ng listahan ng <i>Collective Owners of Awarded Lands</i>	Kung anuman ang meron sa mga sumusunod: - Talaan ng trabaho ( <i>payroll o payslip</i> ) - Talaan mula Social Security System (SSS) (para sa mga nagsasaka sa plantasyon) - CDA <i>reqistration certificate</i> - Talaan ng pagiging kasapi sa kooperatiba o asosasyon - <i>Voter's ID</i> -iba pang mga ID na maaaring maging ebidensiya sa pagiging kwalipikadong ARB
Pagsasagawa ng <i>Lot Allocation Agreement</i> – maaaring magpasiya ang mga ARB sa isang Collective CLOA kung papaano hahatian ang lupa (should indicate size/area and location designated to the ARBs)	CARPER LAD Form No. 70-E na nilagdaan ng mga ARBs <i>under oath</i> sa harap ng PARPO



**Ang Center for Agrarian Reform and Rural Development (CARRD) ay isang not-for-profit organization na sumusuporta sa mga benepisyaryo ng repormang agraryo at kanilang mga kooperatiba sa Batangas, Capiz, at Iloilo.**

Naglalayon kaming matulungan ang mga magsasakang mapataas ang antas ng kanilang buhay at kabuhayan sa pamamagitan ng repormang agraryo.

Naniniwala kami na ang tao ang lunduyan sa pag-unlad at may pananalig na nagtatatag ng hustisya, kapayapaan, at integridad sa lahat ng tao, anuman ang edad, kasarian, o kapansanan.



22 Matipid Street, Sikatuna Village, Quezon City, 1101



carrdinc@gmail.com



[www.carrd.org.ph](http://www.carrd.org.ph)



Center for Agrarian Reform and Rural Development-Pilipinas



@carrdinc



@CARRD\_Pilipinas